

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inimbitahan ang mga residente ng Brampton na sabihin ang kanilang mga opinyon sa mga milestone na proyekto ng Lungsod

BRAMPTON, ON (Hulyo 7, 2020) – Lumalaki ang Lungsod ng Brampton at ang mga residente ay gumaganap ng papel sa pagtukoy kung ano kaya ang magiging hitsura ng lungsod sa mga darating na taon. Sa Hulyo, ang mga residente ay may pagkakataon na magbigay ng kanilang feedback sa limang bago at kapana-panabik na mga proyekto.

Ang lahat ng kasalukuyang mga oportunidad sa pakikilahok ay nakatala sa www.brampton.ca/engage.

Ekstensyon ng Light Rail Transit

Hanggang Hulyo 31, ang mga residente ay hinihikayat na bumisita sa isang birtwal na open house at magbigay ng feedback sa Ekstensyon ng Light Rail Transit (LRT). Ang pagpapahaba ng pinlanong Hurontario LRT sa Main Street, mula sa Brampton Gateway Terminal sa Steeles Avenue hanggang Brampton GO Station, ay isang mahalagang prayoridad sa transit at proyektong pagtayo-sa-lungsod ng Lungsod. Ang isang mas gustong ruta ay irerekomenda sa bilang ng criteria na nauugnay sa likas, panlipunan, pang-ekonomiya at pangkulturang kapaligiran pati na rin ang mga factor ng transportasyon.

Williams Parkway Review

Ang Lungsod ay nagtatayo ng mga kalye para matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente nito. Ang isang survey hinggil sa Williams Parkway Review ay makikita online hanggang sa Agosto 1. Maaaring magkomento ang mga residente sa kung ano ang pinakamahalaga sa kanila: isang mas malapad na daan ng mga naglalakad, mas ligtas na daanan ng bike, itinalagang lane ng transit o dagdag na espasyo para sa mga sasakyan.

Vodden Street East/West Cycling Corridor

Binalangkas bilang isang mahalagang prayoridad sa Brampton 2040 Vision, ang Lungsod ay nagtatayo ng isang nagpapatuloy at konektadong east-west cycling corridor na may nakahiwalay na mga bike lane. Ang cycling corridor na ito ay magbibigay ng mas komportable at ligtas na opsyon ng pagbibisikleta at magbibigay ng access sa umiiral na north-south trails. Malalaman ng mga residente ang higit pa at maaaring magbahagi ng feedback sa tinatayang 7 kilometrong mga pasilidad ng pagbibisikleta sa Vodden Street, Howden Boulevard at Hanover Road. Ang survey ay mananatiling bukas hanggang Hulyo 31.

Ikatlong Pasilidad ng Transit

Ang Brampton Transit ay isa sa pinaka-mabilis na lumalaking mga network ng transit sa Canada. Upang mahabol ang mabilis na paglaking kinakailangan, nagpaplano ang Lungsod ng ikatlong maintenance sa transit at pasilidad ng operation, Ang isang birtwal na open house ay available online hanggang Hulyo 15 para mas malaman ng publiko ang tungkol sa proyekto at magbigay feedback.

Estratehiya sa Turismo

Ang mga residente, mga bisita at mga stakeholder ay inimitahan na sabihin ang kanilang opinyon tungkol sa [pinaka-unang Estratehiya sa Turismo](#). Ang Estratehiya ay tutugon sa pangmaikli at pangmatagalang pag-unlad ng turismo ng Brampton, na tumutuon sa pagbangon sa ekonomiya at mga inisyatibang hyperlocal/local na kaayon sa Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Brampton. Tutukuyin ng Estratehiya ng Turismo ang mga oportunidad para dagdagan ang turismo sa loob ng bansa. Ang mga oportunidad ng pakikilahok ay kinabibilangan ng isang survey sa residente na bukas hanggang Hulyo 20, mga interbyu sa residente at isang birtwal na konsultasyon ng publiko sa Martes, Hulyo 14 sa 7 pm.

Mga Quote

“Ang mga residente ay nasa puso ng lahat ng ginagawa natin, at ang kanilang feedback ay mahalaga sa atin sa pagpapatuloy ng pagtayo ng isang Luntian, Malusog at Ligtas at Binubuo ng Iba’t Ibang Lahi na Lungsod. Hinihikayat ko ang lahat ng Bramptonian na sumali sa mga pagkakataong ito ng pakikilahok ng publiko, at alamin ang mas marami pa tungkol sa maraming nagpapatuloy na pampagbabagong mga proyekto ng Lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang kalusugan at ang kabutihan ng ating komunidad ay nananatiling pinaka-mahalaga sa Lungsod ng Brampton, at patuloy tayong naghahanap ng mga bagong paraan para mapaglingkuran ang ating mga residente sa panahon ng COVID-19 pandemic. Ang opinyon ng komunidad ay mahalaga sa trabahong ginagawa natin, at ang mga birtwal na open house na ito at mga survey ay magpapahintulot sa pakikilahok mula sa ginhawa ng mga tahanan ng mga residente.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca